Washington State Department of Labor & Industries

Ulat ng Aksidente

Mga Tagubilin para sa mga Napinsalang Manggagawa

Kapag natanggap mo ang pormang ito mula sa mga tauhan ng tanggapang medikal, mangyaring sulatan ang mga kahon 1 – 43 ng kopya ng manggagawa. Gumamit ng pluma at idiing mabuti. Gagamitin namin ang impormasyong ibinigay mo upang kalkulahin ang mga benepisyo.

1. **Ilarawan ang iyong pinsala o karamdaman sa pinakamaraming detalye na maibibigay mo.** Halimbawa, kung ang iyong braso ay napinsala sa isang pagkatumba sa trabaho, sabihin sa amin kung *aling* braso at *paano* nangyari ang pagkatumba. Kung ang iyong kondisyon ay nabuo sa paglipas ng panahon, sabihin sa amin kung ano ang nagdulot ng iyong kondisyon at sa anong panahon nangyari ang problema. (Kahon 19a – b)

2. **Ibigay sa amin ang *lahat* ng impormasyon na hiniling namin** tungkol sa iyong trabaho, katayuang pampamilya at mga nakadepende. Gagamitin namin ang impormasyong ito upang kalkulahin ang mga benepisyo.

3. **Pahintulutan kaming makita ang mga rekord ng trabaho na hinahawakan ng Employment Securities Department (ESD)** upang maging mabisa ang pagkakaloob ng mga benepisyong kabayaran sa mga manggagawa at mga serbisyong pagbabalik sa trabaho. Ang impormasyong ito ay maaaring ibahagi sa mga tagapagkaloob na medikal, mga tagapagkaloob ng bokasyonal na rehabilitasyon, at mga pinagtatrabahuhan. Ang impormasyong ito ay kompidensiyal at pinoprotektahan sa ilalim ng RCW 50.13.060(13).

4. **Basahin ang Mga Paunawang Pambatas sa kopya ng manggagawa sa porma bago pirmahan ito.**

5. **Kailangan ng tulong mula sa L&I?**

Nakahandang Linya ng Napinsalang Manggagawa	**1-800-547-8367** (Lunes – Biyernes, 8 – 5)
May-awtomasyong Impormasyon sa Claim	**1-800-831-5227**

Limang bagay na kailangan mong gawin habang pinoproseso namin ang iyong claim

1. **Piliin ang iyong sariling tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan mula sa network ng tagapagkaloob na medikal ng L&I,** kahit na iba ang gumamot sa iyo pagkatapos mong mapinsala. Maaari kang pumili mula sa mga sumusunod na uri ng mga tagapagkaloob ng pangangalaga na lisensiyadong gamutin ang iyong pinsala at iugnay ang pangangalaga sa iyo: medical, osteopathic, naturopathic, o podiatric physicians; advanced registered nurse practitioners (ARNPs); mga dentista at optometrista. Ang isang direktoryo ng tagapagkaloob ng pangangalaga sa **www.Lni.wa.gov/FindaDoc**. Itanong sa iyong tagapamahala ng claim ang tungkol sa pagbabalik ng gastos kung kailangan mong maglakbay. **Ang pagbabalik ng gastos sa paglalakbay ay dapat ipahintulot nang maaga.**

2. **Kausapin ang iyong pinagtatrabahuhan tungkol sa mga pagkakataon para sa magaan na tungkulin** kung ang iyong doktor ay nagbigay sa iyo ng pag-aproba at ispesipikong mga pagtatakda sa trabaho. Maraming napinsalang manggagawa na maaaring patuloy na magtrabaho nang may buong bayad dahil ang mga pinagtatrabahuhan ay ***maaaring*** gumawa ng pagbabago sa kanilang mga tugkulin habang sila ay nagpapagaling. O, ang L&I ay maaaring magdagdag sa anumang binawasang bayad para sa ibang posisyon. (Tandaan: Ang mga pagbabayad sa nawalang panahon ay ***labis na*** mas mababa kaysa kita mula sa trabaho.)

3. **Huwag magbayad para sa mga singil na medikal o iniresetang gamot** na may kaugnayan sa iyong pinsala. Kung ang isang parmasyutiko ay humihingi ng iyong bayad, ingatan ang resibo at hingin sa L&I na ibalik ang iyong ibinayad kung ang iyong claim ay ipinahintulot.

4. **Ihanda para madaling makuha ang iyong claim number** at isulat ito sa lahat ng mga dokumentong ipinadadala mo sa akin. Ang numerong ito ay matatagpuan sa Kopya ng Manggagawa sa ibabang kanang sulok ng porma. Nakalagay sa kard: “Ito ang iyong claim number.”

5. **Isulat sa iyong tagapamahala ng claim kung ikaw ay lumipat o nagpalit ng mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.** Ang mga pagbabago ay dapat na nakasulat at pinirmahan mo. Tandaang isulat doon ang iyong claim number.

   Ipadala sa: Department of Labor & Industries
   PO Box 44291
   Olympia WA 98504-4291.

Kada Linyang mga Tagubilin para sa Ulat ng Aksidente

Kabilang sa seksiyong ito ang salin ng mga tatak na nasa mga kahon 1 – 43 sa porma. Sa lugar na hindi malinaw kung ano ang dapat mong isagot, nagdagdag kami ng tagubilin. Siguruhing isulat ang iyong mga sagot sa porma, HINDI sa dokumentong ito.

Impormasyon sa Manggagawa:

Mas gustong wika – Sabihin sa amin na ang wikang mas gusto mong gamitin sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek sa kahong nasa tabi nito. Kung hindi mo makita ang iyong wika, lagyan ng tsek ang huling kahon na may markang Iba at isulat ang wika na mas gusto mo sa linya.

1. Pangalan – Una, Panggitna, Huli. Gamitin ang iyong buong legal na pangalan.
2. Kasarian – Lagyan ng tsek ang alinman sa Lalaki o Babae.
3. Social Security Number.
4. Numero ng telepono sa Bahay:
5. Petsa ng kapanganakan – buwan/araw/taon na kaayusan.
6. Tirahan – kabilang ang lungsod, estado, at zip code.
7. Taas – sa mga talampakan at pulgada.
8. Timbang – sa mga libra.
9. Address na Pangkoreo (kung iba sa tirahan) – kabilang ang lungsod, estado, at zip code.

Impormasyon sa Nakadepende:

Kung hihingin sa iyo na magpakita ng katunayan ng kasal, pagpaparehistro ng domestic partnership, o pagiging karapat-dapat ng nakadepende.

10. Katayuang Pampamilya: lagyan ng tsek ang kahon na angkop sa iyo.

Kaliwang Hanay	Kanang Hanay
May-asawa	Balo
Hiwalay	Walang-asawa
Nagdiborsiyo	
Nakarehistrong Domestic Partner	

11. Mga nakadependeng anak – kabilang ang hindi pa naisisilang at tinantiyang petsa ng kapanganakan. Ang mga benepisyo ay ibabatay sa bahagi sa bilang ng mga legal na nakadependeng anak. Kung wala kang legal na pangangalaga, kumpletuhin ang Kahon 13.

    Ibigay ang buong pangalan ng bawat nakadepende; ang iyong relasyon; at legal na pangangalaga – lagyan ng tsek ang unang kahon para sa oo o lagyan ng tsek ang ikalawang kahon para sa hindi kung wala kang legal na pangangalaga; at ibigay ang petsa ng kapanganakan para sa bawat nakadepende.

12. Pangalan ng asawa o nakarehistrong domestic partner.
13. Pangalan at tirahan ng legal na tagapangalaga ng mga bata – kabilang ang lungsod, estado, at zip code.

Impormasyon sa Pinsala:

14. Petsa ng pinsala o huling pagkahantad sa trabaho. Gamitin ang buwan/araw/taon na kaayusan.
15. Oras ng pinsala – Isulat ang oras at lagyan ng tsek ang unang kahon para sa a.m. o lagyan ng tsek ang ikalawang kahon para sa p.m.
16. Shift (lagyan ng tsek ang isa) – Lagyan ng tsek ang unang kahon para sa day shift; lagyan ng tsek ang ikalawang kahon para sa swing shift; lagyan ng ikatlong kahon para sa night shift.
17. Ikaw ba ay ginamot na para sa kapareho o katulad ng kondisyon? Lagyan ng tsek ang unang kahon para sa oo o ang ikalawang kahon para sa hindi.
18. Ang kondisyong ito ay dahil ba sa isang ispesipikong insidente? Lagyan ng tsek ang unang kahon para sa oo o ang ikalawang kahon para sa hindi.

19a. Mga bahagi ng katawan na napinsala o nahantad.

19b. Ilarawan nang detalyado kung paano nangyari ang pinsala o pagkahantad. (Isama ang mga kasangkapan, makina, kemikal o mga usok na maaaring kasangkot.)

20. Ginagawa mo ba ang iyong regular na trabaho? Lagyan ng tsek ang nasa tuktok na kahon para sa oo o ang nasa ilalim na kahon para sa hindi.

21. Saan nangyari ang pinsala o pagkahantad? Lagyan ng tsek ang unang kahon para sa mga lugar ng pinagtatrabahuhan; lagyan ng tsek ang ikalawang kahon para sa lugar ng trabaho; lagyan ng tsek ang ikatlong kahon para sa iba at iulat ang lokasyon sa espasyong ibinigay.

22. Saan nangyari ang pinsala/pagkahantad? Pangalan ng negosyo. Isulat ang address ng negosyo kabilang ang lungsod, county, estado, at zip code.

23. Pinsalang dulot ng depektibong makina, produkto o tao na iba sa aking pinagtatrabahuhan o ka-manggagawa? Lagyan ng tsek ang unang kahon para sa oo o ang ikalawang kahon para sa hindi.

24. Ilista ang sinumang mga testigo – Isulat ang mga pangalan ng mga taong nakakita nang mangyari ang pinsala sa iyo.

25. Kailan ka babalik sa trabaho? Ipasok ang petsa sa buwan/araw/taon na kaayusan.

26. Kailan ka huling nagtrabaho? Ipasok ang petsa sa buwan/araw/taon na kaayusan.

27. Iniulat mo ba ang insidente sa iyong pinagtatrabahuhan? Lagyan ng tsek ang unang kahon para sa oo o ang ikalawang kahon para sa hindi. Kung oo, isulat ang pangalan at titulo ng tao.

28. Petsa na iniulat mo ito. Ipasok ang petsa sa buwan/araw/taon na kaayusan.

29. Ikaw ba ay may mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan na binabayaran ng pinagtatrabahuhan sa araw na napinsala ka? Lagyan ng tsek ang unang kahon para sa oo o ang ikalawang kahon para sa hindi.

Impormasyon sa Pinagtatrabahuhan:

30. Pangalan ng negosyo ng iyong pinagtatrabahuhan.

31. Uri ng negosyo.

32. Gaano katagal ka nang nagtatrabaho doon? Ang humigit-kumulang na bilang ay tatanggapin. Ipasok ang humigit-kumulang na bilang ng mga taon sa unang blangko; o mga buwan sa ikalawang blangko; o mga linggo sa ikatlong blangko; o mga araw sa ikaapat na blangko.

33. Numero ng telepono ng pinagtatrabahuhan. Ipasok ang bilang kabilang ang area code.

34. Ang address ng iyong pinagtatrabahuhan. Ibilang ang lungsod, estado, at zip code.

35. Ilista ang iyong titulo ng trabaho at ilarawan ang iyong mga tungkulin sa trabaho.

36. Halaga ng bayad sa trabahong ito. Ipasok ang halaga sa tabi ng tanda ng dolyar. Lagyan ng tsek ang isa lamang halaga ng bayad:

Kaliwang Hanay	Kanang Hanay
Oras	Linggo
Araw	Buwan
Higit sa 1 halaga ng bayad	

37. Mga oras kada araw. Ibigay ang bilang ng mga oras na ikaw ay nakatakdang magtrabaho bawat araw.

38. Mga araw kada linggo. Ibigay ang bilang ng mga araw na ikaw ay nakatakdang magtrabaho bawat linggo.

39. Karagdagang kita (pangkaraniwan bawat araw). Ipasok ang halaga sa tabi ng tanda ng dolyar. Lagyan ng tsek ang bawat uri ng karagdagang kita angkop:

Kaliwang Hanay	Kanang Hanay
Trabahong por piraso ang bayad	Mga payo
Regular na obertaym	Shift differential
Komisyon	Mga bonus sa huling 12 buwan

40. Ilang nagbabayad na mga trabaho ang taglay mo?

41. Ako ay isang: Lagyan ng tsek ang lahat ng mga kahon na angkop sa iyo

Kaliwang Hanay	Kanang Hanay
May-ari	Kasosyo sa Korporasyon
Partner	Direktor ng Korporasyon
Opisyal ng Korporasyon	Opsiyonal na Pagsaklaw
	Hindi angkop sa akin

42. Pirma – Tandaan: Basahin ang mga paunawang pambatas na nasa ibaba. Pagkatapos mong pumirma, isulat ang petsa gamit ang buwan/araw/taon na kaayusan.

    Idinedeklara ko na ang pahayag na ito ay totoo sa abot ng aking kaalaman at paniniwala. Sa pagpirma sa pormang ito, pinahihintulutan ko ang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, mga ospital, o klinika upang ilabas ang may-kaugnayang mga ulat na medikal, na ginawa nila o ng iba, sa Department of Labor and Industries.

43. Pirma: Pagkatapos mong pumirma, isulat ang petsa gamit ang buwan/araw/taon na kaayusan.

    Pinahihintulutan ko ang Department of Labor & Industries, o ang ibang kumikilos para sa kanila, na kumuha ng kompidensiyal na mga rekord ng trabaho mula sa Employment Securities Department (ESD) upang tumulong sa pagpapasiya sa mga benepisyong kabayaran sa mga manggagawa.

Mga Paunawang Pambatas

Ang RCW 51.36.060 ay nagtatadhana: Lahat ng mga impormasyong medikal na taglay o nasa kontrol ng sinumang tao at may-kaugnayan sa partikular na pinsala sa opinyon ng kagawaran na nauukol sa sinumang manggagawa na ang pinsala o sakit na kaugnay ng trabaho ay ang batayan ng isang claim sa ilalim ng titulong ito ay dapat ihanda sa anumang yugto ng mga pamamaraan sa pinagtatrabahuhan, sa kinatawan ng may claim, at sa kagawaran kapag hiniling, at walang taong dapat magtamo ng anumang legal na pananagutan dahil sa paglalabas ng naturang impormasyon.

Ang subsection (2) ng RCW 51.48.020 ay nagtatadhana: Sinumang taong humihingi ng mga benepisyo sa ilalim ng titulong ito, na sadyang nagbigay ng hindi totoong impormasyon na kinakailangan sa anumang claim o aplikasyon sa ilalim ng titulong ito ay dapat na nagkasala ng isang felony, o gross misdemeanor alinsunod sa tadhana sa pagnanakaw at inaasahan ng Titulo 9A RCW.

Pagsisiwalat ng iyong Social Security Number: Ikaw ay hindi inaatasang isiwalat ang iyong Social Security number sa pormang ito. Gayunman, ang bilang ay tutulong sa L&I na iproseso ang iyong claim sa ilalim ng mga batas sa segurong pang-industriya. (Tingnan ang Titulo 51, Binagong Kodigo ng Washington at Kabanata 51.28 RCW.)

RCW 50.13.060 (13): Ang maling paggamit o walang-pahintulot ng paglabas ng mga rekord o impormasyon ng sinumang tao o organisasyon kung saan ang paggamit ay ipinahihintulot ng kabanatang ito ay nagpapailalim sa tao o organisasyon sa isang parusang sibil na limang libong dolyar at ibang angkop na mga sanction sa ilalim ng pang-estado at pederal na batas. Ang habla upang ipatupad na ang seksiyong ito ay dapat dalhin ng abugado heneral at ang halaga ng anumang mga parusa na nakolekta ay dapat ibayad sa pondo para sa di-inaasahang pangyayari sa pangangasiwa ng kagawaran sa seguridad sa trabaho. Ang abugado heneral ay maaaring makakuha ng makatwirang mga fee ng abugado para sa anumang aksiyon na dinala upang ipatupad ang seksiyong ito.

RCW 50.13.015: Kung ang impormasyong ibinigay sa kagawaran ng ibang ahensiya ng gobyerno ay itinuturing na pribado at kompidensiyal ng pang-estado o pederal na batas, ang kagawaran ay hindi maaaring maglabas ng naturang impormasyon.

Paano dapat kumuha ng tulong para sa iyong L&I claim

Tawagan kami:
Nakahandang Linya ng Napinsalang Manggagawa: 1-800-547-8367 (Lunes – Biyernes, 8 – 5)
May-awtomasyong Impormasyon sa Claim: 1-800-831-5227
Mga serbisyo sa TDD ng May Kapansanan sa Pandinig/Pagsasalita: 1-360-902-5797

Pumunta online:
Website ng L&I: www.Lni.wa.gov

Alamin kung paano namin pinoproseso ang mga claim, ano ang sinasaklaw ng kabayaran ng mga manggagawa, paano namin kinakalkula ang mga benepisyo, ano ang dapat gawin ng iyong pinagtatrabahuhan, at marami pa.

Kailangan ng tulong na teknikal sa aming website?

- *Email: WebSupport@Lni.wa.gov*
- *Telepono: 360-902-5999*

O maaari kang tumawag o bumibisita sa opisina ng L&I.
Ang mga ito ay nakalista sa iyong libro ng telepono sa ilalim ng WA State, Labor & Industries.

Aberdeen 360-533-8200	East Wenatchee 509-886-6500	Moses Lake 509-764-6900	Seattle 206-515-2800	Tumwater 360-902-5800
Bellevue 425-990-1400	Everett 425-290-1300	Mount Vernon 360-416-3000	Spokane 509-324-2600	Vancouver 360-896-2300
Bellingham 360-647-7300	Kennewick 509-735-0100	Port Angeles 360-417-2700	Tacoma 253-596-3800	Yakima 509-454-3700
Bremerton 360-415-4000	Longview 360-575-6900	Pullman 509-334-5296	Tukwila 206-835-1000	